



PAGPAPAALAM NG MGA PAG-AALALA TUNGKOL SA KALIG- TASAN SA AUSTRALIAN FOOTBALL

MAAARI KO BANG IPAALAM ANG ANUMANG PAG-AALALA NA MAY KINALAMAN SA FOOTBALL?

Maaari mong ipaalam ang anumang pag-aalala na may kinalaman sa footy. Ito ay maaaring seryoso, tulad ng kaligtasan ng isang bata o kabataang kasali sa football, o maaari itong anumang bagay na may kinalaman sa laro, sa isang pasilidad o iba pa. May karapatan kang sabihin na masama ang isang pag-uugali at seseryosohin ang iyong sinasabi.

Maaari itong isang bagay na napansin mo mismo, o maaari itong isang bagay na ipinaalam ng ibang tao sa iyo.



MGA KAHULUGAN

Ang Bata: ay isang taong kasama sa footy na 12 taong gulang o mas bata - kadalasan ay isang manlalaro ngunit maaari ring kapatid ng isang manlalaro o anak ng isang nasa hustong gulang sa club.

Ang Kabataan: ay isang taong kasama sa footy na nasa pagitan ng edad na 13 at 18 taong gulang - karaniwan ay isang manlalaro ngunit maaari ring isang reperi (umpire) o may ibang tungkulin sa club, o isang kapatid o anak ng isang manlalaro.

Ang taong nasa hustong gulang: ay isang taong kasama sa footy na mahigit sa 18 taong gulang - ito ay maaaring isang coach, manager, umpire, opisyal ng club, kawani ng AFL, volunteer, at/o isang magulang.

ANONG URI NG PAG-AALALA ANG MAAARING IPAALAM NG IBANG TAO SA AKIN?

Bilang isang magulang na kasama sa football community maaari kang makabuo ng mga koneksyon sa mga bata o kabataan na may kinalaman sa team ng iyong anak o sa club. Ito ay maaaring nangangahulugan na itinuturing ka nila bilang isang pinagkakatiwalaang taong nasa hustong gulang at maaaring magbahagi sa iyo ng impormasyon tungkol sa kanilang mga alalahanin sa hindi naaangkop na pag-uugali o pang-aabuso, sa bahay, sa football o sa ibang lugar man.

Maaaring ito ay ang pagsasabi sa iyo na nararanasan nila ang:

- pisikal na pang-aabuso
- sekswal na pang-aabuso
- pambu-bully o panggugulo, o
- emosyonal na pang-aabuso
- kapabayaang
- mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip.

Ang layunin ng patnubay na ito ay magbigay sa iyo ng tamang mga kaalaman upang makatugon ka nang may kumpiyansa at naaangkop sa mga sandaling ito.

Hindi mo tungkulin ang mag-imbetiga o pag-aralan ang pagbubunyag o paratang. Ang kailangan mo lang ay makinig, sumuporta at tumugon sa kanilang alalahanin. Sa ilang mga kaso, may pananagutan kang isumbong ang iyong nalalaman sa mga awtoridad.

 Para mas maunawaan ang mga hindi naaangkop na pag-uugali, at kung ano ang dapat abangan, tingnan ang papel-kaalaman na ito: **Ano ang Anyo ng Pang-aabuso sa Footy?**

PAANO KO MALALAMAN?

MGA PAGBUBUNYAG

Kapag sinabi sa iyo ng isang bata o kabataan ang tungkol sa isang insidenteng nangyari sa **kaniya** o kung saan **siya** ay direktang nasangkot.

Sinasabi sa iyo ang kaniyang pag-aalala.

MGA PARATANG

Kapag ang isang bata, kabataan, o sinumang tao ay nagsabi sa iyo tungkol sa isang insidente na nangyari sa **ibang tao** o kaya may ibang taong direktang kasangkot dito.

Sinasabi sa iyo ang kaniyang pag-aalala.

MGA PAGHIHINALA

Kung mayroon kang dahilan para maghinala na may insidente ng pang-aabuso sa isang bata o kabataan, batay sa mga obserbasyon, pakiwari o pananaw, mga pag-uugali at mga palatandaan.

Nagkakaroon ka ng pag-aalala.

PAANO TUMUGON SA SANDALING GANITO

Kung ang isang bata o kabataan ay lumapit sa iyo na may anumang **IBUBUNYAG** o **IPAPARATANG**, napakahalaga ng iyong gagawin at kung paano ka tutugon sa impormasyong ito. Ang 3 R's sa ibaba ay isang madaling paraan para matandaan kung ano ang gagawin sa sandaling ganito. Hindi mo kailangang maging propesyonal o eksperto dito, kailangan lang nila ng isang ligtas at matalinong taong nasa hustong gulang.



KILALANIN

Kilalanin kung ang isang bata o kabataan ay nasa panganib. Alamin ang mga palatandaan, mga tagapagpahiwatig at mga babala ng panganib. Makinig sa sinasabi sa iyo ng isang bata o kabataan. Abangan ang **MGA PAGBUBUNYAG, MGA PARATANG** o **MGA PAGHIHINALA**.



TUMUGON

Tumugon nang mahinahon at mapagmalasakit sa isang bata o kabataan kung sinasabi niya sa iyo ang tungkol sa isang bagay na nangyari sa kaniya. Paniwalaan siya, pakinggan siya, panatagin ang kanyang loob, at seryosohin siya. Iwasang pangunahan ang mga pagtatanong. Tiyakin na ligtas siya at sabihin sa kaniya na may gagawin ka para matulungan siya.



MAGSUMBONG

Dapat kang **MAGSALITA**. Sundin ang mga hakbang sa ibaba.

ANO ANG SUSUNOD NA DAPAT GAWIN

MAGSALITA KA

Kahit na hindi mo direktang nakausap ang isang bata o kabataan, pero **NAGHIHINALA** ka na may bagay na hindi tama, mahalagang magsalita ka.



Maaari mong:

Direktang makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo sa football tulad ng isang coach, manager ng team, umpire, opisyal o kinatawan ng club.



Isulat ang iyong mga alalahanin at ipasa ang mga ito sa iyong club o samahan sa pamamagitan ng email o liham.



Gamitin ang QR code na ito para maipaalam ang iyong alalahanin sa AFL.



FAQS (MGA MADALAS ITANONG) PARA MATULUNGAN KANG MAUNAWAAN ITO...

PAANO KUNG MAY SINABI SA AKIN ANG ISANG BATA O KABATAAN PERO AYAW NIYANG SABIHIN KO ITO KAHIT KANINO?

Ang pagbuo ng tiwala ay mahalaga, lalo na kung ang isang bata o kabataan ay nakakaranas ng isang bagay na nagpaparamdam sa kaniya na hindi siya ligtas. Maaari mo siyang hikayatin na magsalita, palakasin ang kaniyang loob, alukin na isama ka bilang suporta at panatagin ang kanyang loob.

MAHALAGA – Bilang isang taong nasa hustong gulang, ipinag-uutos sa iyo sa karamihan ng mga kaso, ayon sa batas ng estado at commonwealth, na isumbong ang anumang alalahanin tungkol sa kaligtasan ng isang bata o kabataan sa mga may kinalamang awtoridad, kabilang ang Child Protection at/o Pulisya.

Gayunpaman, kahit na hindi ipinag-uutos sa iyo ng batas, magagawa mo pa rin ito, at dapat mo itong gawin.

MATATANGGAL BA ANG AKING ANAK SA TEAM KUNG IPAPAALAM KO ANG ISANG PAG-AALALA?

Ikaw at ang iyong anak ay hindi dapat tratuhin nang hindi makatarungan dahil lang sa pagsasabi ng isang alalahanin.

MAAARI KO BA ITONG IPAALAM NANG HINDI AKO MAKIKILALA?

Oo, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pag-kontak sa **AFL Integrity Unit** gayunpaman pakitandaan na kung hindi mo ibibigay sa amin ang iyong pangalan, hindi ka namin mababalikan para sa karagdagang impormasyon o mabibigyan ng update tungkol sa aming gagawin.

KAILANGAN KO BA NG PATUNAY?

Hindi, hindi mo kailangang magkaroon ng patunay o ebidensya.

- Kung may nagsabi sa iyo na nangyari ito, magsalita ka.
- Kung sa tingin mo ay may nangyari, batay sa iyong nakita, narinig o naramdaman, at may 'makatwirang paniniwala' na nangyari ito, magsalita ka.



Para sa anumang mga tanong tungkol sa safeguarding (pag-iingat), mag-email sa childsafety@afl.com.au

Gaya ng karaniwang ginagawa, kung mayroong sinumang nasa panganib, kontakin ang pulisya sa 000

Tandaan, gusto namin na lahat ng mga bata at kabataan sa football ay maging ligtas, makaramdam na ligtas, maglaro nang ligtas.



Para sa karagdagang impormasyon kung paano tutugon sa isang pagbubunyag o paratang, pumunta sa **Australian Institute of Family Studies: Responding to Children and Young People's Disclosures of Abuse** o panoorin ang video na ito **Responding to Disclosures**